

Libre ang
Matrikula kapag
naaprub!

shuugaku-shienken
(就学支援金)
Suporta sa Pag-aaral sa High School
Paraan ng Pag-aplay ng Suporta

Lahat ng nag-aaral sa Metropolitan Tokyo ay kailangang magbayad ng matrikula.

Sa Tokyo Board of Education, nagbibigay kami ng suporta sa pag-aaral na katumbas ng matrikula ayon sa kita ng tagapag-alaga ng mag-aaral upang mabawasan ang bigat ng gastos sa pag-aaral.

Upang makatanggap ng suporta, kailangang mag-aplay. Sa mga nais tumaggap nito, maaari lamang gawin ang mga paraan hanggang sa palugit na petsa.

1 Paraan ng Pag-aplay

Maari lamang sundin ang mga sumusunod sa pag-aplay.

Kinauukulan	Paraan	Nakatalagang Proseso
Sa mag-aaplay ng suporta	Basahing mabuti ang nakalagay sa pahina 2 at ihulog ang mga kailangang papeles sa adres sa ibaba.	Ipapadala ang resulta ng pagsusuri sa darating na araw. Kapag hindi naaprub, may ilalaking na Notisya ng Matrikulang Babayaran.
Sa hindi mag-aaplay ng suporta	Sulatan ang Form na Walang Intensyon Mag-aplay at ihulog sa adres sa ibaba.	Ipapadala ang Notisya ng Matrikulang Babayaran.

【Adres ng Padadalhan】

Maaari lamang isumite sa Management Planning Office ng Paaralan.

【Huling Palugit na Petsa】

Heisei _____ Taon _____ Buwan _____ Araw

Ano ang sistema ng Pagtanggap ng Suporta?

- 1 Ang sistema na ito ay, **magiging libre ang matrikula** kung makatanggap ng suporta.
- 2 **Kung hindi mag-aaplay sa pagtanggap ng suporta, ang matrikula ay kailangan saguting bayaran.**
- 3 Ang pagbasehan sa pagtanggap ng suporta ay pamilyang may 304,200 yen pababa ang Local Tax Income Probated Basis (※).
- ※ Pamilya na ang taunang sweldo ay nasa malapit sa halagang 910 lapad pababa (Ito ay tularan ng pamilya, na isa sa magulang o tagapagbantay ang nagtratrabaho, isang high school na mag-aaral, isang junior high school na mag-aaral).
- 4 Ang suportang matatanggap ay hindi direktang ibibigay sa mag-aaral/ magulang o tagapagbantay.

2 Kinauukulang Pamilya at Halaga

Kinauukulang Pamilya	Halaga			
	Full-Time (Pati Credit-	Part-time	Part-time (Credit-Based) ※	Correspondence※3
Halaga ng Local Tax on Income Prorated Basis※1 Kapag mababa sa 304,200円※2	Kada Buwan 9,900円	Kada Buwan 2,700円	Bawat 1 Credit Kada Taon 1,740円	Bawat Credit Kada Taon 336円

※1 Ang paraan ng pagsuri ng Local Tax on Income Prorated Basis ay nakalagay sa pahina 3.

※2 Pinagsamang kita ng may-kustodiya.

※3 Ang suporta ay para sa 30 credits sa isang taon, at 74 credits ang pinakalimit.

■ Ang mga hindi maaaring gawaran ng suporta


(1) Ang nakapagtapos na ng high school

(2) Kung ang kabuuang panahon ng pag-aaral sa high school (kasama na ang paglipat) ay lampas sa 36 buwan para sa full-time, o 48 buwan para sa part-time at correspondence.

(3) Kung pumasok sa kasalukuyang paaralan bago Marso 2014

3 Panahon ng Pagbibigay ng Suporta

○ Paraan at Flowchart (Full-Time)



4 Mga Kailangang Papeles sa Pag-aaplay

Maaari lamang isumite ang nakalakip na aplikasyon (ang titulo ay 「高等学校等就学支援金受給資格認定申請書兼収入状況届書」) at ang mga sumusunod na papeles.

Paala lamang na depende sa panahon ng pag-aaplay, iba ang taon ng sertipiko ng buwis.

- Para sa aplikasyong Abril~Hunyo, magsumite ng sertipiko ng buwis sa nakaraang taon.
- Para sa aplikasyong Hulyo~Marso, magsumite ng sertipiko ng buwis sa kasalukuyang taon.

Ito naman ang mangyayari kapag tumatanggap ng tulong pinansyal sa pamahalaan.

- Kapag ang aplikasyon ay Abril~Hunyo

Magsumite ng sertipiko na nagpapakitang tumatanggap ng tulong sa pamahalaan mula Enero 1 ng nakaraang taon.

- Kapag ang aplikasyon ay Hulyo~Marso

Magsumite ng sertipiko na nagpapakitang tumatanggap ng tulong sa pamahalaan mula Enero 1 ng kasalukuyang taon.

Kinauukulan		Mga Kailangang Papeles		
		Aplikasyon	Papeles sa pagsusuri ng kita (pwede ang kopya)	(Tagapag-isyu)
Mayroong maykustodiya, o nakatakdang tagapagalaga ng menor	Pamilyang hindi tumatanggap ng tulong sa pamahalaan	1 papel sa aplikasyon	② Para sa pagsusuri ng Local Tax on Income Prorated Basis (Ng may-kustodiya o tagapag-alaga) • Sertipiko (Walang Buwis) para sa Buwis sa Paninirahan (課税証明書) (kumpletong detalye) • Notisya sa Espesyal na Koleksyon ng Buwis (特別徴収税額通知書) • Notisya sa Pagbayad ng Buwis sa Paninirahan (住民税納税通知書)	Munisipyo
	Pamilyang tumatanggap ng tulong sa pamahalaan		② Sertipiko sa Pagtanggap ng Tulong sa Pamahalaan (生活保護受給証明書) 1 papel	Tanggapan ng Welfare
Walang maykustodiya o tagapag-alaga	May taga-suporta sa mag-aaral	1 papel sa aplikasyon	② Para sa Local Tax on Income Prorated Basis (Ng pangunahing tagasuporta) 1 papel	Munisipyo
			③ Kopya ng sertipiko ng segurong pangkalusugan ng mag-aaral 1 papel ↓ Kung National Health Insurance lamang, magsumite ng④	Bawat insurer
	Walang tagasuporta sa mag-aaral		④ Residence Certificate (ng buong pamilya) Sertipiko ng Nakatala sa Residence Certificate (ng buong pamilya) } 1 papel alinman dito	Munisipyo
			② Para sa Local Tax on Income Prorated Basis (Ng mag-aaral) 1 papel ③ Kopya ng sertipiko ng segurong pangkalusugan ng mag-aaral 1 papel ↓ Kung National Health Insurance lamang, magsumite ng④	Bawat insurer
Menor ang mag-aaral pero hindi kumikita ng sapat para buwisan ng local tax	④ Residence Certificate (ng buong pamilya) Sertipiko ng Nakatala sa Residence Certificate (ng buong pamilya) } 1 papel alinman dito	Munisipyo		
Menor ang mag-aaral pero hindi kumikita ng sapat para buwisan ng local tax	Hindi kailangang magsumite ng papeles para sa pagsusuri ng kita ① Magsumite ng aplikasyon.	-		

※ Kung sa mga kinakailangan na papeles ay kakailanganin ang Residence Certificate, mangyari lamang ipasa ang Residence Card na hindi nakasaad ang inyong personal na numero ng "My Number". Kung sakali man na ang naisyu sa inyo na Residence Certificate ay may nakasaad ng personal na numero, mangyari lamang na "i-masking" (burahin sa itim) ang "My Number" at ito ay ipasa na tiyakin na hindi na makikita ang inyong personal na numero.

■ Mga bagay na pag-iingat sa pagpapasa ng mga papeles

- (1) Ang mga naipasa na papales ay hindi na maibabalik, mangyari lamang na ipasa ang kopya ng mga Sertipiko para sa Buwis sa Paninirahan atbp., kung hindi ninyo maipapasa ang orihinal na kopya ng mga papeles. At **kung ang inyong ipapasa ay kopya lamang ng mga papeles, mangyari lamang na tiyakin na makikita ang taon ng buwis, pangalan, Local Tax on Income Probated Basis.**
- (2) Mga papeles katulad ng Certificate of Tax Deducted o Pay Slip, mga ganitong papeles na makukumpira ang sweldo ay hindi maaring magamit sa pagpapasa.
- (3) Ang pagsusuri ng Local Tax on Income Probated Basis ng magulang o tagapagbantay ng may kustodiya ay sabay, kaya sa pagpapasa, ang kinakailangan ay mga papeles ng dalawang magulang o tagapagbantay. Ngunit, kung isa sa magulang o tagapagbantay na may kustodiya ay tumatanggap ng allowance o spouse tax credit, ang local tax on income probated basis ng isa pang magulang o tagapagbantay ay magiging 3000 yen lamang ang pinakamataas, kaya para sa mga magulang o tagapagbantay na kinaaukulan sa spouse tax credit ay may pagkakataon na hindi na kailangan magpasa ng Sertipiko para sa Buwis sa Paninirahan atbp.. Mangyari lamang pakitingnan ang pang anim ng pahinang 4 (Q6 Laging Natatanong).
- (4) Kung hindi maisiyuhan ng Sertipiko para sa Buwis sa Paninirahan atbp dahil na hindi naninirahan sa loob ng Japan ang kinaaukulang magulang o tagapagbantay na kinakailangang makumpirang ang sweldo, hindi na kinakailangan ang pagpasa ng mga papales ukol sa sweldo.

5 Paraan ng Pagsusuri ng Local Tax on Income Prorated Basis

Ang pagsusuri ay maaaring gawin sa alinman sa sumusunod na paraan (Ang nakalagay sa ibaba ay sample illustration lamang. Ang aktwal na form ay magkaiba depende sa lokal na pamahalaan.)

Tiyakin na may nakasaad na income on prorated basis (所得割額) ng local tax (区市町村民税) sa loob ng inyong Buwis sa Paninirahan (住民税) .

(1) Sertipiko ng Buwis sa Paninirahan, o Walang Buwis (課税証明書)

Ito ay iniisyu ng munispyo kung saan nakatala bilang maninirahan ang tagapag-alaga sa kasalukuyang Enero 1.

平成〇〇年度 特別区民税・都民税 課税証明書

1月1日現在の住所氏名		〇〇 〇〇 〇〇	生年月日	〇〇
平成〇〇年1月1日から12月31日までの所得等		所得控除額の内訳		
給与収入金額	〇〇円	社会保険料控除	〇〇円	
公的年金等収入金額	〇〇円	生命保険料控除	〇〇円	
小規模企業等収入金額	〇〇円	基礎控除	〇〇円	
合計所得金額	〇〇円	普通所得	〇〇円	
平成〇〇年度 課税標準		平成〇〇年度 税額		
総所得金額	〇〇円	特別区民税	〇〇円	都民税
その他の課税標準額の合計	〇〇円	均等割	〇〇円	均等割

Local Tax on Income Prorated Basis

(2) Notisya sa Espesyal na Koleksyon ng Buwis (特別徴収税額通知書)

Kapag namamasukan sa kompanya ang taga-alaga, ito ay iniisyu sa buwang Mayo~Hunyo sa kompanya.

平成〇〇年度 特別区民税・都民税 特別徴収税額の決定・変更通知書 (納税義務者用)		Pinalaki	
課税標準額	〇〇,〇〇〇	特別区民税	〇,〇〇〇
均等割	〇,〇〇〇	都民税	〇,〇〇〇
合計	〇,〇〇〇	特別徴収税額	〇,〇〇〇

Local Tax on Income Prorated Basis

(3) Notisya sa Pagbabayad ng Buwis sa Paninirahan (住民税納税通知書)

Kapag self-employed ang tagapag-alaga, ito ay iniisyu ng munispyo kung saan nakatala siya bilang maninirahan sa kasalukuyang Enero 1.

平成〇〇年度 特別区民税・都民税 課税明細

通知書番号 〇〇
(単位:円)

項目	課税標準		特別区民税 所得割明細				都民税 所得割明細				
	前	今	前	今	前	今	前	今			
〇〇	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0
〇〇	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0
	税額控除前所得割		0	0	0	0	0	0	0	0	0
	税額控除等		0	0	0	0	0	0	0	0	0
	税額控除後所得割		0	0	0	0	0	0	0	0	0
	特別区民税 均等割明細				都民税 均等割明細						
〇〇	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0
〇〇	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0
〇〇	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0

Local Tax on Income Prorated Basis

6 Madalas na Katanungan

Q1 Pagkatapos magsumite ng aplikasyon para sa suporta sa pag-aaral, mga kailan ito matatanggap?

Hindi binibigay nang direkta ang suporta sa pag-aaral sa mag-aaral o sa tagapag-alaga. Ang suportang ginagawad sa paaralan ay direktang ginagamit pambayad ng matrikula. Hindi kailangang magbayad ng matrikula ang mag-aaral o tagapag-alaga kapag ito ay naaprubahan.

Q2 Nalimutan ko pong magpasa ng papeles , at nagbabalak mag-aplay pagkatapos ng araw takdang pasahan, maaring po bang matanggap ang suporta ng mga lumipas na buwan?

Ang suporta sa pag-aaral, ay matatanggap ng paaralang pasusukan simula sa buwan kung kailan nag-aplay, kaya hindi maaring balikan ang mga lumipas na buwan. Para sa mga nagnanais ng makatanggap ng suporta, mangyari lamang ipasa ang mga kinakailangang papeles sa paaralan bago sa takdang araw.

Q3 Kung ang kustodiya ay nasa magulang ngunit ang sumusuporta sa bata ay lolo, ang papeles ba ng kita ng lolo ang isusumite?

Ang batayan ay ang local tax on income prorated basis ng may-kustodiya, kaya maaari lamang isumite ang papeles ng kita ng mga magulang na silang may-kustodiya.

Q4 Sa kasalukuyan, hindi ako tumatanggap ng suporta sa pag-aaral. Dahil nabago ang kita ng pamilya pagkatapos magdiboryo ang mga magulang ko, maaari ba akong tumanggap ng suporta sa pag-aaral?

Kung ang may-kustodiya ay naging isa mula sa dalawa dahil sa diborsyo, mag-aplay ng suporta kalakip ang papeles ng kita ng may-kustodiya sa paaralan. Kapag nagsumite ng mga kailangang papeles sa buwan ng pagtanggap ng diborsyo, kapag nakamit ang lahat ng kondisyon ay maaaring tumanggap ng suporta sa kasunod na buwan.

Q5 Kasalukuyan akong tumatanggap ng suporta sa pag-aaral. Dahil sa adopsyon, nadagdagan ang aking may-kustodiya. Ano ang prosesong kailangan kong gawin?.

Kapag nadagdagan ang may-kustodiya, kailangan ng pagsusuri ng kita ayon sa bagong pagkabuo ng pamilya. Maaari lamang isumite ang papeles ng kita ng bagong may-kustodiya.

Q6 Ang isa sa aming tagapabantay/magulang ay tumatanggap ng spouse credit, ang po ba ang sitwasyon na hindi na kinakailangan ang pagpasa ng Sertipiko ng Buwis?

Sa ganitong sitwasyon, ang local tax income on probated basis ng kinuukulang spouse tax credit ay 3000 yen lamang ang pinakamataas. Manyari lamang tingnan sa pagbabase ang sumusunod na Halimbawa 1 , Halimbawa 2.

Hal. 1 Ang Local Income Tax on Probated Basis ng ama ay nasa 301,000 yen, at ang asawa ay may tax credit;



Sa ganitong sitwasyon, kung pagsasamahin ang local tax income on probated basis ng magulang ay 304,000 yen na ang pinakamataas, maliwag na ito ay hindi tataas sa pamantayan ng pagbigay ng suporta (304,200 yen) , kaya ang ipapasa na mga papeles ay Sertipiko ng Buwis atpb ng ama.

Hal. 2 Ang Local Income Tax on Probated Basis ng ama ay nasa 302,000 yen, at ang asawa ay may tax credit;



Sa ganitong sitwasyon, kung pagsasamahin ang local tax income on probated basis ng magulang o tagapagbatay ay magiging 305,000 yen, may posibilidad na ito ay lumagpas sa pamantayan ng pagbigay ng suporta (304,200 yen) , kaya kailangan ipasa ang mga papeles katulad ng Sertipiko ng Buwis atpb ng dalawang magulang o tagapagbantay.

※ Kung ang asawa ay hindi tumatanggap ng tax credit (saklaw rin ang special spouse tax credit), anumang ang halaga ng local income tax on probated basis, kinakailang ang Sertipiko ng Buwis sa Paninirahan atpb ng dalawang magulang o tagapagbantay.

Maaari lamang magtanong tungkol sa paraan ng pagsulat ng aplikasyon at mga kailangang papeles, at sistema ng suporta sa pag-aaral, sa Management Planning Office ng inyong paaralan.

■ Paghawak ng personal na impormasyon

Pangangasiwaan ng Tokyo Board of Edukasyon ang mga nakalap na personal na impormasyon ng mag-aaral at tagapag-alaga alinsunod sa batas.

Kapag ipinaubaya sa ibang kompanya ang pangangasiwa ng suporta sa pag-aaral, magkakaroon ng karampaang superbisyon sa kompanyang nangangasiwa nito.